# P15.9 M halagang tulong Agrikultura sa Camarines Norte ipinamagi ni DA Sec. Alcala

Pinangunahan ni Secretary Proceso J. Alcala ng Kagawaran ng Pagsasaka (DA) ang pamamahagi ng mahigit P15.9-milyon halaga ng mga makinarya sa pagsasaka, mga binhi, mga gamit sa pangingisda, tseke sa pangkabuhayan, at iba pa sa mga magsasaka at mangingisda dito sa isinagawang Agri-Pinoy stakeholders' Forum noong Mayo 3 sa Camarines Norte Agro-Sports Center.

Ang mga nabigyan ng makinarya sa pagsasaka ay ang grupo ng Pamorangon Irrigators Association at Talisay River Irrigation System para sa dalawang hand tractor with trailer; Gahonon Modified Rapid Composting Technology Farmers Association at Gahonon-Borabod-

*(Sundan sa pahina 2)*

Tagumpay ng Katuwiran, Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran

**Bantayog**

Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte

TAON 3, BLG. 1 DAET, CAMARINES NORTE MAYO, 2012
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam. Norte"
Website: Http//www.camarinesnorte.gov.ph Email: cao_cnorte@yahoo.com



Gob. Edgardo A. Tallado

## Nilalaman


6 na bilanggo nakapasa sa ALS 2
5 L net take home pay ng kawani 2
Ika-60 anibersaryo ng 4H club 3
Prov'l Core Team para sa DRR projects 3
Araw ng Manggawa sa Pilipinas 4
UNFPA Country Program 4
2012 Summer Arts Workshop 4
Caravan sa Brgy 5
Pagsusulit para sa mga bagong iskolar 5
CPP 7 workshop 6
Kaalaman at Pamamaraan sa Pagtanim ng Exotic fruits 7
Seminar on Public Service and Accountability 7
2 kalsada atbp proyekto sa Sabang, Vinzons 8
Hiling na kuryente sa Cabungahan 8









Sa larawan sa itaas ay si DA Sec. Procy Alcala na nagbigay mensahe sa Stakeholders' Forum. Sa gitna ay ang pagbabasbas at pasinaya ng P1.68 M agricultural tramline. Sa kanang larawan ay makikita ang tramline na may mga mga sakay na produktong agrikultura kasama ang isang opisyal ng barangay. Inaasahang mabebenipisyuhan ng proyektong ito ang 120 magsasaka sa barangay Matacong, San Lorenzo Ruiz

# Camarines Norte Prov'l. Govt nanguna sa Bicol Region sa tax efficiency collection, P60.64 milyon nalikom mula sa target na P42.52 milyon

Sa ilalim ng administrasyon ni Gob. Edgardo 'Egay' A. Tallado, ang Lalawigan ng Camarines Norte ang nanguna sa koleksyon ng buwis sa negosyo *(business taxes)* kasama na ang mga *transfer taxes* na kaakibat ng *real property transactions*. Ito ay para sa C.Y. 2011 kung saan nakalikom ito ng P60.64 milyon mula sa target na P42.52 milyon na katumbas ng 143% *tax collection efficiency*.

Ang kaukulang plake ng gawad-pagkilala ay opisyal na tinanggap ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte sa idinaos na *opening program* ng *2nd Quarter Regional Association of Treasurer's and Assessors for Region V (REGATA V) Conference 2012* sa Virac, Catanduanes noong Mayo 15.

Matatandaan na ang magandang balita ay una nang ipinarating kay Gob. Tallado ni *OIC Regional Director* Florencio C. Dino II ng *Department of Finance -Bureau of Local Government Finance (DOF-BLGF)*. Ito ay sa pamamagitan ng isang liham kung saan pinapurihan ni *OIC RD* Dino II si Gob. Tallado gayundin sina *Provincial Assessor* Annabel Defeo at *Acting Provincial Treasurer* Ruby J. Gache dahil sa mahusay na trabaho ng kanilang tanggapan Dinagdag din ni *OIC RD* Dino II na sana'y ipagpatuloy nila ang kanilang nasimulan at patuloy na magsikap para makapag-ambag sa pagsusulong ng *local government finance*. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO***



Ang larawan ay kuha sa isinagawang awarding ceremony sa Virac, Catanduanes. Tinanggap ni Ms. Annabel Defeo ang kanyang plake. Nasa kanan si Jade C. Ranada ng Provincial Treasury Office na kumatawan kay Gng. Ruby Gache



Annabel Defeo, PAssO



Ruby J. Gache, Acting-PTO

# P15.9 M halagang...

(Mula sa pahina 1)

Gubat-Tagonting Irrigators Association para sa dalawang yunits ng mechanical dryer at Camarines Norte Seed Producers Cooperative sa 1 unit ng seed cleaner.

Namahagi rin ng proyekto sa aqua silviculture, tulong para sa proyekto ng seeweeds, pagpaparami ng bakawan, proyekto sa hatchery para sa community based multi-purpose, aquasilvi culture at proyekto sa mangrove rehabilitation para sa benepisyaryong mangingisda sa mga coastal areas.

Ipinamahagi rin ang 200 binhi ng rambutan, 200 binhi ng langka, at 750 binhi ng pili sa naturang pagtitipon.

Sa pamamagitan ng raffle ang ahensiya ay namahagi rin ng 30 kambing na lalaki, tatlong module ng tupa, limang lalaking kalabaw, tatlong handtractor, dalawang palay thresher sa magsasaka na may 10 gill nets, tatlong fish cage net, apat na engine sa bangkang de motor, at dalawang bankang may motor sa mga mangigisda.

Pinangunahan rin ng Kalihim ang pagpapasinaya at pagbabasbas ng P1.68 milyon ng agricultural tramline na inaasahang mabebenepisyuhan ang 120 magsasaka sa Barangay Matacong ng bayan ng San Lorenzo Ruiz.

Kanya ring pinuntahan ang San Antonio-San Ramon farm to market road sa bayan rin ng San Lorenzo Ruiz at nagsagawa ng pakikipag-usap sa mga opisyales at miyembro ng Irrigators Association at ng Alawihao Small Water Impounding Project Site sa Daet.

Binisita rin niya ang Basud Coconut and Pineapple Cooperative sa Barangay Laniton sa Basud at nakipagdayalogo sa mga opisyales at miyembro ng nasabing kooperatiba kung saan ang mga ito ay naging benepisyaryo ng pasilidad sa pag proseso ng bunot ng niyog sa pamamagitan ng gobyerno ng Espanya sa ilalim ng pamamahala ng DA, Philippine Coconut Authority (PCA), at Fiber Industry Development Authority.

Ang pagbisita ng Kalihim ay sinamahan ni Gobernador Edgardo Tallado at ganon din ng mga director at mga pinuno ng PCA, Bureau of Soils and Water Management, National Irrigation Administration, Bureau of Fisheries and Aquatic Resources, at ibat-ibang kinatawan ng mga ahensiya sa ilalim ng DA. (MAL/ RBM/PIA Camarines Norte)





Sa larawan sa itaas ay ang pagbisita ni Sec. Alcala at mga kasama sa pasilidad ng pagproseso ng bunot sa Laniton Basud. Sa ibabang larawan ay si Gob. Tallado sa kanyang mensahe sa pagpunta nila ni Sec. Alcala sa pasinaya ng tramline project sa Matacong, San Lorenzo Ruiz

# 6 na bilanggo nakapasa sa pagsusulit sa ALS

Anim (6) na bilanggo ng Camarines Norte Provincial Jail (CNPJ) ang nakapasa sa Alternative Learning System (ALS) sa isinagawang pagsusulit sa sekondarya noong buwan ng Oktubre ng nakaraang taon ng 2011 sa Multi-Purpose Hall ng nasabing tanggapan.

Ito ay sa ilalim ng Literary Class Program ng pamahalaang panlalawigan sa pamamagitan ng Provincial Custodial and Security Services Division (PCSSD) at sa pakikipagtulungan ng Department of Education (DepEd).

Ayon kay Acting Provincial Warden Reynaldo Pajarillo ng PCCSD, ito ay isang malaking hakbang para sa kanilang edukasyon upang magkaroon sila ng magandang hanapbuhay paglabas nila ng piitan.

Ayon pa rin Pajarillo, sila ay tatanggap ng diploma na may lagda ni Secretary Bro. Armin A. Luisito ng Department of Education (DepEd) upang makapag -aplay ng trabaho sa mga tanggapan ng pamahalaan batay sa kanilang kaalaman at natutunan.

Dagdag pa ni Pajarillo, ang mga tatanggap ng diploma ay magiging kwalipikado sa Serbisyo Sibil batay sa Civil Service Commission Resolution No. 00499, "Recognizing the Non-Formal Education (NFE) A & E elementary and secondary certificate as valid documents for permanent appointment to government position provided the requirement are met."

Kabilang sa mga bilanggo na nakapasa ng sekondarya sa ALS ay sina Mark Paul del Rosario; Abraham Tampor Asusano; Melchor Leonora Elopre; David Icaro Hernandez; Isagani Mugas de Florencia at Jerome Flores Baptisma.

Payahag pa ni Pajarillo na pinag-aaralan na ngayon ng kanilang tanggapan ang pagsangguni sa Technical Education and Skills Development Authority (TESDA) upang makapag-aral ang mga nakapasang bilanggo ng ibang-ibang kursong bokasyonal.

Patuloy din ang programang pangkabuhayan upang magkaroon ng pagkakakitaan at pagkakaabalahan ang mga bilanggo habang sila ay nasa loob ng piitan sa pamamagitan ng paggawa ng picture frames, handi-crafts, lampshade at iba pang mga gawain.

Ganundin ang kalusugang dental na isinasagawa bawat buwan at ang serbisyong medikal tuwing kwarter ng taon upang sila ay mapangalagaan sa kanilang mga karamdaman at mabigyan ng sapat na gamot.

Pahayag pa rin ni Pajarillo, nakatakda rin na magtayo ng silid aklatan sa loob ng CNPJ upang ang mga bilanggo ay magkaroon ng mga dagdag na kaalaman habang sila ay nasa loob ng piitan.

Dahil dito, maraming matututo at malalaman sa pamamagitan ng pagbabasa ng aklat ang mga bilanggo at maiiwas rin sila sa mga kaguluhan ganundin magkaroon din sila ng pagkahilig sa mga proyektong ipinapatupad ng pamahalaang panlalawigan. (RBM/ROV-PIA Camarines Norte)

# P5-L net take home pay ng mga kawani ng Kapitolyo iniutos ni Gob. Tallado

Ipinalabas kamakailan ni Gobernador Edgardo 'Egay' A. Tallado ang Memorandum Blg. 120420-02 na nag-aatas sa pagpapatupad ng P5,000.00 *net take home pay* para sa lahat ng opisyal at kawani ng pamahalaang panlalawigan. Ito ay bilang pagtalima sa itinatakda ng Seksyon 37 ng *Republic Act 10155* o mas kilala bilang *General Appropriations Act (GAA) for Fiscal Year 2012*.

Biinigyang-diin sa memorandum na bibigyang-prayoridad ang mga awtorisadong bawasin *(deductions)* mula sa buwanang sweldo ng mga kawani unang-una na ang kanilang kontribusyon sa *PhilHealth*, *Government Service Insurance System (GSIS)*, at *Home Development Mutual Fund (HDMF)*, at bayaring buwis sa *Bureau of Internal Revenue (BIR)*.

Ang pagbawas sa mga bayarin sa utang *(loans)* mula sa sweldo ng mga kawani ay bibigyan ng pangalawang prayoridad para matiyak na ang mga kawani ng pamahalaan ay hindi malulubog sa pagkakautang at nang sa gayon ay mabawasan ang antas ng kahirapang nararanasan nila.

Nakapaloob din sa *memorandum* na hindi pahihintulutan ang muling pag-utang ng sinumang kawani kung ang kanilang *net take home pay* ay magiging mas mababa pa kaysa sa P5,000.00 na limit.

Matatandaan na pinagtibay at lubos na ipinatutupad ni Pangulong Benigno Simeon 'Noynoy' C. Aquino III ang *RA 10155* sa layuning mas mapaigting ang kanyang kampanya na maiangat ang antas ng kita ng mga manggagawang Pilipino at bilang suporta na rin sa *salary standardization*.

Ang naturang aksyon ng pangulo ay aktibong sinusuportahan ni Gob. Tallado na masugid na isinusulong ang kapakanan ng mga kawani ng pamahalaang panlalawigan na hangad niyang matamasa ang kanilang pinagpaguran at magkaroon sila ng disenteng pamumuhay. ***LORENA DELA TORRE - IBASCO***

# Iba-ibang paligsahan isinagawa sa pagdiriwang ng ika-60 anibersaryo ng 4-H Club sa Camarines Norte

Taong 1900 nagsimula ang ***4-H*** sa Estados Unidos na binuo ng mga kabataang lalaki at babae na ang interes ay sa agrikultura. Ang unang pangalan nito ay ***4Ws*** na ang kahulugan ay ***W****ill*, ***W****ell-Being*, ***W****ork* at ***W****isdom*.

Sa pagsapit ng taong 1952, pinayagan ng Estados Unidos na ang pangalang 4W ay palitan ng 4-H; at dito na nagsimula ang samahang 4-H Club dito sa bansa.

Sa pakikiisa ng Camarines Norte sa paggunita ng ika-60 anibersaryo nito ngayong taon, nagtipon ang humigit-kumulang 100 kabataan kasama ang kanilang mga ***municipal coordinators*** noong ika-3 ng Abril 2012. Ang programang isinagawa kaugnay nito ay tinampukan ng iba't-ibang paligsahan kung saan nagpakitang-gilas ang mga kabataan. Ito ay itinaguyod ng pamahalaang panlalawigan sa pamamagitan ng ***Office of the Provincial Agriculturist (OPAg)*** katuang ang Kagawaran ng Pagsasaka sa Rehiyon 5. Dumalo sa okasyon sina Gng. Ligaya Tria, at sina G. Efren Sabularce, center chief director at Ma. Techie Lizaso, ***RBO focal person*** na kapwa mula sa ***DA-ATI***, Guinobatan, Albay.

Ang ***4-H Club*** dito ay matamang sinusubaybayan ni Gng. Irene Olivar ng ***OPAg*** katuwang ang mga kinauukulang ***municipal coordinators***. Tinuturuan nila ang mga miyembro ng samahan na tuklasin ang kanilang talento, maging magandang ehemplo sa mga kapwa-kabataan at linangin ang mahahalagang parte ng kanilang kabuuan na tinatawag na ***H*** na ang kahulugan ay ***H****ead*, ***H****eart*, ***H****ands* at ***H****ealth*.

Nagkaroon ng maikling palatuntunan na dinaluhan ni ActingPA Francia B. Pajares; Gng. Maria Zenaida Auro-Driz na kumatawan kay Gob. Edgardo 'Egay' A. Tallado at Bokal Romeo R. Marmol na nagpahayag na ang pamahalaan ay nagsisikap na maabot ang lahat ng sektor lalo na ang mga kabataan upang mahubog na maging kapaki-pakinabang na miyembro ng lipunan.

Narito ang mga nagwagi sa iba't-ibang paligsahang isinagawa kung saan tinanggap nila ang cash prizes mula sa Pamahalaang Panlalawigan sa pamumuno ni Gob. Edgardo A. Tallado:

***4-H Quiz***
1st - Manuel Odi/ Vinzons - P200.00
2nd - Angelo de Luna/ Labo - P175.00
3rd - Irene Gabon/ Basud - P150.00

***Extemporaneous Speaking Contest***
1st - Christine Ann Cabanela/ Mercedes - P200.00
2nd - Analie Sarical/ Labo - P175.00
3rd - Gilmark Infante/ J. Panganiban - P150.00

***Poster Making***
1st - Maricris Sornillo/ J. Panganiban - P200.00;
2nd—Mark Roland Mojico / Sta. Elena - P175.00
3rd - Rolly Balbaira/ Talisay - P150.00

***Singing Contest***
1st - Mary Joy Feller/ Mercedes - P200.00
2nd - Mark Jess Anacin / San Vicente - PP175.00
3rd - Kimberly Dieta/ Daet - P150.00

***Identification***
1st - Edgar del Puerto/ Basud - P225.00
2nd - Joey Villaflores/ Labo - P175.00
3rd - Manuel Odi/ Vinzons - P150.00

***Demonstrations***
Cassava Kakanin - Charmaine Oning/ Labo - P150.00
Malunggay Dessert - Floralie David Jaucian/ Daet - P150.00
Fish Processing - May Ann Gestiada/ Mercedes - P150.00
Organic Rice Technology-Harry James Felomino/ Basud - P150.00

***MR. &MS. 4-H Camarines Norte***
***MR. 4-H Cam. Norte*** - Joey Villaflores/ Labo - P200.00
***MS. 4-H Cam. Norte*** - Glaiza Macale/ Labo - P200.00
***Mr. Head*** - Christian Zabala/ Daet - P 00.00
***Ms. Head*** - Leonesa Ruiz/ Mercedes - P100.00
***Mr. Heart*** - Lemuel Villaflores/ J. Panganiban - P100.00
***Ms. Heart*** - Kimberly Dieta/ Daet - P100.00
***Mr. Hands*** - Jimmy Bugagao/ Basud - P100.00
***Ms. Hands*** - Rose Ann Soria/ Basud - P100.00
***Mr. Health*** - Joshua Mabeza/ Mercedes - P100.00
***Ms. Health*** - Maricris Cortez/ J. Panganiban - P100.00

***Mr. & Ms. Cam. Norte Best in Farm Wear***
*Mr. Best in Farm Wear* - Christian Zabala/ Daet - P225.00
*Ms. Best in Farm Wear* - Jello Marie Marco/ Sta. Elena - P225.00
*1st Runner-Up* - Joey Villaflores/ Labo—P100.00
*1st Runner-Up* - Kimberly Dieta/ Daet - P100.00
*2nd Runner-Up* - Jimmy Cesar Bugagao/ Basud—P100.00
*2nd Runner-Up* - Maricris Cortes/ J. Panganiban - P100.00
*3rd Runner-Up* - Aris Arellano/ Sta. Elena - P100.00
*3rd Runner-Up* - Rose Ann Soria/ Basud - P100.00

Bukod sa paligsahan, nagmukna rin ng mga bagong opisyales ang Provincial 4-H Club Federation ng Camarines Norte na pinamahalaan naman ni 4-H National President Allan Vega. Ang nahalal na bagong pamunuan ay ang mga sumusunod:
***Presidente*** - Jay Caro;
***Bise Presidente*** - Raymar Corporal
***Kalihim*** - Christian Zabala
***Ingat-Yaman*** - John Paul Panol
***Tagasuri*** - Joey Villaflores
***Buss. Managers:*** - John Harol Salen, John Darwin Rosales
***Tagapag-Ulat*** - Jefrey Creo

***MELINDA L. JEREZ***

# Provincial Core Teams para sa Disaster Risk Reduction (DRR) Project inorganisa ng NEDA RO5

Inorganisa kamakailan sa isang *orientation meeting* ng *National Economic and Development Authority (NEDA)* ang *Provincial Core Teams* para isama ang *Disasater Risk Reduction and Climate Change Adaptation (DRR/CCA)* sa proseso ng *Local Development Planning at Decision -Making*.

Ang *Provincial Core Team* ay binuo upang mapabilis ang pagsagawa ng *DRR/CCA – Enhanced Provincial Development and Physical Framework Plan (PDPFP)*. Animnapu at apat (64) na mga kinatawan ang dumalo rito mula sa anim na lalawigan ng Rehiyong Bicol. Ang bawat *Provincial Core Team* ay binubuo ng kahit sampung empleyado mula sa iba't-ibang departamento na kasama sa *planning* at *disaster risk management activities*, kabilang dito ay ang *Provincial Planning and Development Office (PPDO), Provincial Disaster Risk Reduction and Manage Office (PDRRMO), Provincial Health Office (PHO), Provincial Engineer's Office (PEO),* at *Provincial Environment and Natural Resources Office (PENRO).* Ang bawat *team* ay mayroon ding *Geographic Information System (GIS) Staff* na siyang maghahanda ng mga *provincial hazard maps* na siyang kakailanganin sa *Disaster Risk Assessment (DRA)*.

Ang mga naging kinatawan dito ng Camarines Norte ay ang mga sumusunod: mula sa <u>PPDO</u> *-Arch.* Madonna A. Abular, *Provincial Planning and Development Coordinator;* Ms. Thelma Q. Bardon, *Planning Officer IV*, at Ms. Marife I. Napao, *Computer Operator III* bilang *GIS Staff;* <u>PDRRMO</u> - G. Carlos C. Galvez, *PDRRM Officer*, at G. Arnel S. Ferrer, *Public Services Officer IV;* <u>PHO</u> - Dr. Paul Luis G. Palencia, *Medical Officer III; PEO* - Clarence L. Mago, *Engineer II;* at <u>PENRO</u> -G. Elpidio Orata, *Provincial Environment and Natural Resources Officer.*


Ang *Regional Core Team* ay binubuo naman ng mga kinatawan mula sa *NEDA, OCA, Mines and Geo-Sciences Bureau (MGB), Department of Agriculture (DA)* at *Bicol University (BU).* Ang kanilang tungkulin ay magbigay ng *assistance* sa mga *Provincial Core Team* sa paggawa ng *DRA Report* at ipapaloob sa *PDPFP.*

Sa isinagawang pagpupulong, tinalakay ang *Overview* ng Proyekto at ang *Disaster Risk Assessment Process and Implementation Arrangements.* Base sa *timetable* ng proyekto, ang *provincial* at *regional core team* ay maghahanda ng *work and financial plans* mula buwan ng Hulyo hanggang Nobyembre ngayong taon na siyang tantiyang matatapos ang kanya-kanyang *DRR/ CCA–Enhanced PDPFP.* Kasama sa *work plans* ang pagsasagawa ng *refresher mapping workshops* para sa mga *pilot provinces* at *training* tungkol sa *hazard mapping* para naman sa mga *regional core teams.*

Ang *DRR/CCA– Enhanced PDPFP* ay kapapalooban ng apat (4) na bahagi. Una ay ang ***Introduction*** na kapapalooban ng maikli subalit kumpletong impormasyon ng kalagayan ng lalawigan; pangalawa ay ang ***Hazard Profile*** na kapapalooban ng iba't-ibang uri ng *hazards* na tumatama sa lalawigan; pangatlo ay ang ***Consequences Analysis*** na kapapalooban naman ng diskusyon ukol sa bilang ng mga nawalang buhay ng tao bawat *hazard*, at ang pang-apat ay ang ***Risk Estimates*** na kapapalooban ng katumbas na halaga ng mga nasirang ari-arian at mga nawalang buhay.

Samantala, sa kasalukuyan ay nakapagsumite na ang lalawigan ng Camarines Norte ng *draft copy* ng *DRR/CCA report* sa *NEDA*.

***MARILYN PACI-NOS-ASIS***




# UNFPA Country Program of Assistance to LGU

I sinagawa kamakailan ang *'Signing of the Letter of Understanding'* na ginawa sa pagitan ng *United Nations Population Fund (UNFPA)* at mga pamahalaang lokal sa Rehiyong Bikol sa pamamagitan ng mga kinatawan nito na sina Ms. Ugochi Daniels, Country representative ng UNFPA, si Gob. Edgardo A. Tallado ng Camarines Norte at Dr. Nestor F. Santiago Jr. Regional Health Director.

Ito ay kaugnay sa *UNFPA Reproductive Health Program* na ipatutupad dito sa ilalim ng *7th Country Programme (CPC 7)* dito sa Pilipinas.

Kasamang dumalo ni Gob. Tallado sa okasyon sina *Provincial Health Officer Dr.* Arnulfo G. Salagoste; *Asst. Provincial Planning and Devt. Coordinator* Elena B. Austria, at *OIC* Cynthia R. dela Cruz ng *Provincial Social Welfare and DEvt. Office (PSWDO).*




***Si. Gov. Edgardo A. Tallado at Ms. Ugochi Daniels, Country Representative ng UNFPA habang nilalagdaan ang Letter of Understanding, samantalang nakamasid si Dr. Nestor F. Santiago Jr., Regional Health Director.***

Sa naturang okasyon na idinaos noong Abril 23, 2012 sa *Center for Health Development (CHD)*, Legazpi City, iprinesenta ang *2012 Annual Work Plan* ng Camarines Norte na nagkakahalaga ng P7.937 milyon. Ilalaan ang pondo sa mga programa at proyektong may kaugnayan sa *reproductive health, reproductive rights, maternal mortality,* at iba pa.

Samantala, ang *Reproductive Health Program* ay kapapalooban ng *national* at *local package* na suporta sa *maternal health, family planning,*

**(Sundan sa pahina 7)**

# 2012 Summer Arts Workshop showcase of talents



***Makikita sa larawan ang mga kabataang dumalo sa painting workshop, isa sa tampok sa 2012 Summer Arts Workshop ng pamahalaang panlalawigan***

A ng *Showcase of Talents and Recital, a culminating activity of the 2012 Summer Arts Workshop and a continuation of* Likas, Larawan at Liwanag *(A Visual Arts Exhibit Year XIV)* ay maayos na naisagawa ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte noong Mayo 13, 2012 sa ganap na ika-3 n.h. sa *Little Theater, Camarines Norte Agro-Sports Center*. Naisakatuparan ito sa pamamagitan ng Tanggapan ng Museo, Sinupan at Panulukan na pinamumunuan ni *Museum Cursator I* Abel C. Icatlo, at sa pakikipagtulungan ng grupo ng mga mag-aaral sa *Theater Arts* mula sa *Bicol University-College of Arts and Letters (BU-CAL).*

Ang *showcase of talents and recital* ay tinampukan ng may 401-katao na lumahok sa *2012 Summer Arts Workshop* na isinagawa sa mga sumusunod na iskedyul: Abril 10-14 at 16-20, 2012 - *Aerodance Workshop (AW)*, 63 kalahok *(all ages)* c/o Ms. Digna Fuentebella, *facilitator;* Abril 16-20, 2012 - *Flute Workshop (FluW)*, 27 kabataan *c/o* Ronald Rayos at Djetrey N. Galvez, *facilitators;* Abril 23-27 - *Acrylic and Oil Painting (AOP)*, 31 kabataan; *Charcoal Painting (CP)*, 87 kalahok *(all ages) c/o* Harlem Barilea, *SPO1* Ryan Morales at Ruel Santelices, *facilitators;* Abril 30 at Mayo 2-5 - *Folk-*

**(Sundan sa pahina 7)**

## Mayo 1, Araw ng Manggagawa

Ang Araw ng Mangggagawa sa Pilipinas ay unang ipinagdiwang noong 1903 noong mga panahong ang bansa ay kasalukuyang nasa ilalim ng pamamahala ng Amerika. Sa taong ito (Mayo 1) ay samasamang nagmartsa papunta sa Malacanang ang mahigit sa isangdaang libong manggagawa na itinatag ng Union Obrero Democratica de Filipinas (UODF) upang humingi nang mas maayos na kundisyon sa kanilang estado bilang manggagawa.

Makalipas ang sampung taon, sa petsang Mayo 1, 1913, nabuo ang Congreso Obrero de Filipinas na pinangunahan ni Hermenegildo Cruz. Dito ipinaglaban ng mga manggagawa ang walong oras na pagtatrabaho kada araw, hindi pagpayag na magtrabaho ang mga batang manggagawa, pamantayan para sa paggawa ng mga kababaihan at pananagutan ng mga kapitalista. Dito nagsimula ang selebrasyon ng Araw ng Manggagawa hindi lamang sa pamamagitan ng mga parada kundi ng mga rali at pagsasatinig ng mga kaapihan ng manggagawa.

Ayon sa kalipunan ng batas hinggil sa paggawa sa Pilipinas, ang mga sumusunod ang mga karapatatan ng manggagawa:

- **Karapatan sa seguridad sa trabaho (Labor Code Art279)**

Sa konteksto ng regular na employment, hindi maaring tanggalin ng employer ang isang manggagawa liban lang sa tinatawag na "just cause or authorized causes".

- **Oras na gugugulin sa pagtatrabaho**

Ang normal na oras nang pagtatrabaho ng sinumang manggagawa ay hindi nararapat na lumampas sa walo(8) oras sa loob ng isang araw kasama na rito ang maiksing oras ng pahinga at pagkain. Ang mahigit sa isang oras na diretsong pagpapahinga at pagkain ay maaaring hindi maibilang sa oras na ipinagtrabaho. (Art. 82& 84)

- **Karapatan sa pahinga at libangan (UDHR Art24, IESCR Art7d, Phil Consti Art11 Sec9 Art13)**

Ang bawat isa ay may karapatan sa pahinga at libangan, sampu ng maktwirang limitasyon sa bilang ng oras paggawa ang pana-panahong holidays ng may kabayaran .

- **Hinggil sa pagpapasahod**

1. Ang pagbibigay ng sahod ay nararapat na ibigay ng nakahandang salapi (cash) at malapit sa lugar na pinagtatrabahuhan (Art.102& 104)
2. Maaaring makuha ang sahod mula sa banko kapag may pakikiusap na isinulat ng mas nakararaming empleyado (Sec. 7 R.A. 6727
3. Direktang ibinibigay ang sahod sa manggagawa(Art. 105)
4. Ang pasahod ay ibinibigay na may puwang na hindi lalampas sa labing-anim (16) araw (Art. 103)
5. Anumang ibinabawas sa sahod ay nararapat na may pahintulot ng batas (Art. 113)
6. Ang "Labor-only-contracting" ay ipinagbabawal kung saan ang taong nagbibigay ng mga manggagawa sa taong nagpapasuweldo ay isa lamang agent o kinatawan ng may-ari o ng nagpapatrabaho (Art. 106)
7. Kungsakaling nalugi ang negosyo ng kumpanya, ang kanyang mga manggagawa ay ang siyang unang mababayaran ng kanilang sahod at iba pang benepisyo bago mabayaran ang gobyerno at iba pang pinagkakautangan (Art. 110)

- **Hinggil sa mga kabataang nagtatrabaho**

Ang mga batang may edad labinlimang (15) taong gulang lamang ang maaaring magtrabaho. (Sec. 12 R.A. 7610). Ang mga batang nagtatrabaho nang wala pang labinlimang (15) taon ay mapapasailalim sa responsibilidad ng kanyang mga magulang o tagapangalaga, sa kundisyong ang kanyang pagtatrabaho ay hindi makasasagabal sa kanyang pag-aaral sa proseso ng kanyang paglaki.

(Source: WikiFilipino para sa Filipino)

Tagumpay ng Katuwiran,
Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran
Bantayog
Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte

***EDITORIAL BOARD:*** Governor Edgardo A. Tallado, Chairman; Executive Asst. IV & OIC Provincial Administrator Jose G. Boma, Vice Chairman; PDIC-PIA, CAO IV Purita P. Briñas, Atty. Ludivina G. Francisco, Private Secretary/Tourism Officer Designate, DWCN-FM Stn. Manager Rikki Vito, and Museum Curator I Abel C. Icatlo , members.

***EDITORS:*** Purita P. Briñas, executive editor; Lorena T. Ibasco, managing & news editor; Melinda L. Jerez, feature; Engr. Wilson V. Porcincula, art/ design.

***PHOTOGRAPHER*** – Luigi Martin P. Querubin.

***CIRCULATION*** - Marcial P. Ferrer

***INFORMATION OFFICER DESIGNATES:*** OPAg-Melinda L. Jerez; ProVet-Samuel O. Villagen; HRMD-Nancy U. Hernandez; EERMD-Gonzalo C. Binay; PSWDO-Cynthia dela Cruz, Aileen Camacho, Dolores Tresmonte; PTO-Ma. Victoria A. Estacion & Vilma L. Barra; PEO -Jeremias Ibana & Lilian Corazon T. Atienza; PPDO-Marilyn P. Asis; MASCD-G.O.- Aida B. Pandeagua; GSO-Gina B. Racelis, PBO-Estela P. Adorna; SP-Josephine Q. Badong; PHO-Marino Abogado; LSD-G.O.— Dario C. Dime; PCSSD-PGII Virgel T. Zantua; PAssO-Nerissa A. Augusto & Jeffrey M. Regidor; PLO-Donna A. Guevarra; PAcctO-Lilian Y. Rafon, Maria Theresa N. Jimene & Lilian Rafon; PSEMO-Arnel S. Ferrer, Ernesto R. Andaya.

Inilimbag ng Pamahalaang Panlalawigan sa pakikipagtulungan ng Provincial Development Information Council (PDIC) bawat buwan upang magsiwalat ng kaalamang pangkaunlaran sa mga mamamayan at barangay. Sinusulat at inihanda ng Tanggapan ng Ugnayang Pampamayanan, Kapitol Probinsyal, Daet, Camarines Norte.

Tumatanggap ang pahayagan ng artikulong kontribusyon mula sa mga mambabasa. Hinihiling lamang na ito ay makinilyado ng doble espasyo, hindi susobra sa isang maikling bond paper ang haba at nagtataglay ng tunay na pa-ngalan at tirahan ng may akda, lalo na kung ito ay opinyon. Ang kahilingan na huwag nang ilimbag ang pangalan ng may akda ay pagbibigyan ng patnugutan.

Alin mang artikulo ay dadaan sa masusing pagsusuri upang iakma ito sa estilo ng pahayagan at limitadong espasyo nito.

# Caravan sa barangay

Taliwas sa ibang opisyal ng pamahalaan na agad nagsasawa sa paulit-ulit na pagbisita at pagbibigay ng serbisyo-publiko, si Gob. Edgardo 'Egay' A. Tallado anaman ay mas sumidhi pa ang determinasyon na maglingkod sa kanyang mga kababayan sa pamamagitan ng Aprub Ka Egay Sa Serbisyo Publikong Tunay *Provincial Multi-Services Caravan*.

Sa halip na itigil ang nakakapagod na *caravan* tuwing Biyernes, mula sa isang *caravan* noong taong 2011 ay ginawa niya itong 2 simula Enero 20, 2012. Kasunod nito, 3 magkakasabay na *caravan* tuwing Biyernes ang ginawa niya simula Marso 23 na ipinagpapatuloy pa rin hanggang ngayon. Ito ay bukod pa sa ilang *special caravans* na inihahatid ni Gob. Tallado sa ilang piling barangay sa lalawigan.

Kahanga-hanga rin na hindi inaalintana ni Gob. Tallado ang mahaba, maalikabok at mainit na biyahe lalo't higi ang peligro sa kanyang buhay sa pagpunta sa mga liblib at ilang delikadong barangay.





Ito ay upang maipadama sa kanyang mga kababayan ang kanyang sinseridad na maglingkod.

Pinangungunahan ni Gob. Tallado ang paghahatid ng *caravan* sa may 282 barangay sa 12 bayan bayan ng lalawigan katuwang sina Bise Gob. Jonah G. Pimentel at *Provincial Legal Officer Atty.* Sim O. Mata, Jr. na tumatayong *caravan project director*. Nakakasama rin dito ng gobernador ang mga kinauukulang hepe at kawani ng pamahalaang panlalawigan.

Ngayong buwan ng Mayo, ang *caravan* ay dinala naman sa mga bayan ng San Vicente; Vin-

*(Sundan sa pahina 6)*

# Pagsusulit para sa mga bagong iskolar ng provincial government

Ipinalabas kamakailan ng pamahalaang panlalawigan ang pangalan ng 400 kabataan na nanguna sa *qualifying and competitive examination* ng *Camarines Norte Provincial Government College Education Assistance Program (CNPGCEAP)* na binubuo ng *written examination* na may bigat na 60%, at 30% para sa *essay/interview* habang ang kani-kanilang *general weighted average* ay may bigat na 10% o may kabuuang 100%.

Sila ay kabilang sa unang grupo ng mga bagong iskolar ng *CNPGCEAP* ngayong taon habang ang humigit-kumulang sa 115 aplikante ay mapapasama rin sa programa sa sandaling matukoy ang kasapatan ng pondo.

Sa may 400 nakapasa, 25 estudyante sa hayskul na nagtapos ngayong taon bilang balediktoryan ang awtomatikong pasok sa *CNPGCEAP* alinsunod sa itinatakda ng Panlalawigang Ordinansa Blg. 14-2011 gayundin ang 16 iba pa na nagtapos bilang salutatoryan. Makakasama nila sa programa ang may 230 estudyante na papasok ngayon sa unang taon sa kolehiyo na pumasa sa *CNPGCEAP written examination* at *essay/interview* na isinagawa noong Mayo 8 at Mayo 15, ayon sa pagkakasunod.

Samantala, nakapasok din sa *CNPGCEAP* ang may 129 na mga mag-aaral sa kolehiyo na papasok ngayon sa ikalawa, ikatlo, ika-apat o ika-limang taon sa kani-kanilang kurso. Una na silang sumailalim sa *written exam* sa dakong umaga ng Mayo 14, at *essay/interview* naman kinahapunan ng katulad na araw.

Matatandaan na kabilang sila sa may 851 na una nang nag-aplay para maging iskolar ng *CNPGCEAP* kung saan 734 lamang ang kumuha ng *written exam*.

Si Gob. Tallado rin ang kauna-unahan at tanging gobernador ng lalawigan na nagbigay ng lubos na prayoridad sa programang pang-edukasyon. Mula sa pondong P2.5-M, dinoble ito ng gobernador sa P5-M ilang linggo lamang mula ng una siyang maluklok sa puwesto noong Marso 26, 2010. Pagkatapos ng *May 2010 elections*, agad itinaas sa P10-M ang pondo ng *CNPGCEAP* bilang pagtupad ni Gob. Tallado sa kanyang pangako na mas maraming mahihirap ngunit kwalipikadong kabataan ang matulungang makapagtapos ng kolehiyo.

Maliban dito, ang *average grade requirement* na 85% ay ibinaba sa 83%. Higit sa lahat, mas marami ngayon ang nakaapgaplay sa *CNPGCEAP* sapagkat kung dati ay bagong gradweyt lang sa hayskul ang kwalipikadong mag-aplay, ngayon ay pwede nang mag-aplay sa programa ang mga nasa ikalawa, ikatlo o ikaapat na taon sa kolehiyo o kaya ay magtatapos ng kolehiyo ngayong *SY 2012-2013*.



***Ang mga kabataang kumuha ng pagsusulit upang maging kwalipikado sa PGCEAP. Sa ibabang larawan ay si G. Marcial Ferrer ng Community Affairs Office sa pagtanggap ng mga applikante sa scholarship program.***



Layunin ni Gob. Tallado matupad ang kanyang pangarap na bawat mahihirap na pamilya sa lalawigan ay magkaroon ng isang gradweyt sa kolehiyo na siyang tutulong para makatulong sa kanilang pamilya at makapag-ambag sa pag-angat ng ekonomiya ng lalawigan. ***LT IBASCO***

# CPP 7 workshop isinagawa para sa 6 na bayang benepisaryo

Ang 1-araw na *workshop meeting* ay isinagawa ng *United Nations Children's Fund (UNICEF)* noong Abril 23, 2012 sa *Nazareth Development Center* kung saan isinapinal din ang *Technical Assistance Plans* ng anim (6) na bayan dito kaugnay sa implementasyon dito ng *7th Country Programme for Children (CPC 7).* Ito ay ang mga bayan ng Basud, Capalonga, Labo, Mercedes, Paracale at Vinzons na mapalad na mapabilang sa 36 na mga bayan/syudad sa buong Pilipinas bilang mga benepisyaryo sa ilalim ng *CPC 7.*

Dumalo sa nasabing *workshop meeting* ang mga kinatawan ng 6 na bayang nabanggit at dito'y pinal na ginawa ang mga suportang teknikal na kailangan ng bawat munisipyo na una na nilang natukoy sa mga nakaraang *workshops* na dinaluhan nila sa Manila. Ito ang magiging batayan ng *UNICEF* sa pagbibigay ng *technical assistance* sa kanila para matugunan ang mga kakulangan nila sa serbisyo para sa sektor ng edukasyon, kalusugan at nutrisyon, proteksyon sa mga kabataan *(child protection)*, *social policy*, at *disaster risk reduction.*

Ang suportang teknikal na ibibigay ng *UNICEF* sa naturang mga bayan ay kinabibilangan ng mga sumusunod: 1) *Communication for Development (CAD)*; 2) *Policy Advocacy*; 3) *Capability Building (e.g. institutional development, resource mobilization)*; 4) *Research (e.g. situation ana-lysis, review of policies)*; 5) *Tools and Standards*; 6) *Models on Program Development (e.g. convergence)*; 7) *Promote Innovations and Replication of Good Practices*, at 8) *Support to Government Monitoring System.*

Una rito, isang *consultation visit* ang isinagawa kamakailan ng mga kinatawan ng *UNICEF* dito sa Camarines Norte bilang paghahanda sa implementasyon dito ng *CPC 7.* Sila ay nagsagawa ng konsultasyon sa 6 na bayang nabanggit at nakipagpulong din sa mga lokal na opisyal at *technical working groups (TWGs)* na may kinalaman sa pagsasagawa ng mga plano at programang pangkaunlaran gayundin ang mga programang pangkabataan at pangkababaihan. Tiningnan din nila ang *Local Anti-Poverty Reduction Plan (LAPRP)* ng bawat bayan at inalam ang mga naging proseso sa paggawa nito gayun-din ang naging partisipasyon ng mga *civil society organizations* sa pagbuo ng naturang plano.

Kasunod nito, nagpatawag sila ng magkasunod na *workshop meeting* noong Marso 2012 sa Manila na dinaluhan ng mga kinatawan mula sa 6 na bayang nabanggit. Dito nila unang binalangkas ang mga teknikal na suportang kakailanganin ng bawat bayan sa loob ng limang (5) taong implementasyon ng *CPC 7* simula ngayong 2012-2016. Ito ay tumutugon sa mga programa at proyekto na nakasentro sa mga serbisyong nabanggit na sa unahan sa layuning mapabuti ang kalagayan ng mga kabataan at kababaihan sa naturang lugar.

Ang Provincial *Planning and Development Office (PPDO)* sa pamumuno ni *Arch.* Madonna A. Abular, *Provincial Planning and Development Coordinator* ang siyang nangasiwa at nakipag-ugnayan sa mga kinatawan ng *UNICEF* gayundin sa mga bayang nabanggit kaugnay ng *CPC 7 workshop meeting* na idinaos dito.

Inaasahan na sa pamamagitan ng *Technical Assistance Plans* na isinumite ng mga bayan ng Basud, Capalonga, Labo, Mercedes, Paracale at Vinzons, maipapaabot sa mga kinauukulan ang tamang mga serbisyo para maiangat ang antas ng kalagayan ng mga kabataan at kababaihan at makakamit ang mga obheto ng *Millennium Development Goals (MDG).* ***MARILYN PACINOS-ASIS***



***Makikita sa larawan si Bise Gobernador Jonah G. Pimentel habang pinapabasa ang isa sa nabigyan ng salamin sa isinagawang Multi Services Caravan (MSC). Si VG Pimentel ay masipag na sumasama sa pagtungo ng MSC sa lahat ng dako ng Camarines Norte***

# Multi-Services Caravan ...

*(Mula sa pahina 5)*

zons; Paracale; Daet at Capalonga kung saan ang mga serb isyong inihatid nito at ang bilang ng mga naging benepisyaryo nito ngayong buwan ay ang mga sumusunod:

| | Mayo 4 SAN VICENTE | | Mayo 11 - VINZONS *Calaguas Islands* | | | Mayo 18- JOSE PANGANIBAN | Mayo 18 PARACALE | Mayo 21 DAET | Mayo 22 DAET | MAYO 23 VINZONS | Mayo 25 CAPALONGA | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | San Jose | Silangan | Pinagtigasan | Sitio Sugod | Sitio Biday | Parang | Capacuan | Alawihao | Camambugan | Sto. Domingo | Calabaca | Mabini | Itok |
| Serbisyong Medikal/Gamot/Bitamina | 604 | 804 | 196 | 446 | 558 | 552 | 538 | 531 | 393 | 506 | 639 | 505 | 637 |
| Bunot ng Ngipin | 123 | 212 | 27 | 67 | 69 | 189 | 115 | 112 | 110 | 141 | 176 | 53 | 114 |
| *Blood Typing/Blood Sugar* | 173 | 34 | 103 | 21 | 103 | 199 | 76 | | | | 147 | 80 | 101 |
| *Reading Glasses* | 135 | 148 | | 120 | | 187 | 128 | **SPECIAL CARAVANS** | | | 209 | 135 | 135 |
| *Reflexology/Massage Services* | 60 | 123 | 25 | 31 | 22 | 89 | 30 | | | | 39 | 41 | 56 |
| Lugaw ni *Warden* | 600 | 550 | 280 | 640 | 200 | 440 | 650 | 255 | 226 | 225 | 280 | 280 | 280 |
| Pantanim na Bungang-Kahoy | 100 | 100 | 50 | 50 | 50 | 100 | 100 | | | | 75 | 75 | 75 |
| Pantanim na Butong-Gulay | 150 | 150 | 82 | 51 | 150 | 150 | 150 | | | | 100 | 100 | 100 |
| *Tilapia Fingerlings* | 30 | 50 | | | | 10 | 10 | | | | 10 | 10 | 10 |
| *Cooking Demo on Fish Recipes* | 75 | 138 | 51 | 88 | 50 | 90 | 74 | | | | 91 | | 32 |
| Pantanim na Punungkahoy | 43 | 45 | | 88 | | 46 | 67 | | | | 61 | 56 | 70 |
| *Anti-Rabies Vaccines* | | | | | | | | | | | | | |
| *Animal Vitamins* | 30 | | 30 | 20 | 25 | 30 | 45 | | | | 57 | 40 | 37 |
| *Animal Dispersal (Carabaos)* | 1 | | | | | | 3 | | | | 2 | 2 | 7 |
| *Animal Dispersal (Piglets)* | | | | | | | | | | | | | |
| *Cash Assistance to Barangays* | 3 | 6 | 1 | 2 | 2 | 2 | 2 | 1 | 1 | 1 | | | 4 |
| *Assessment Rolls* | 3 | 6 | 1 | 2 | 2 | 2 | 2 | 1 | 1 | 1 | | | 4 |
| Libreng Tsinelas | 147 | 250 | 123 | 100 | 55 | | 60 | | | | 115 | 176 | 135 |
| Libreng Gupit ng Buhok | 163 | 180 | 56 | 47 | 49 | 221 | 64 | 164 | 105 | 120 | 97 | 51 | 88 |
| Libreng Pagtina sa Buhok | 48 | 15 | 17 | 18 | 14 | 48 | 37 | | | 54 | 29 | 22 | 42 |
| Libreng *Hot Oil* | 202 | 173 | 21 | 45 | 64 | 167 | 140 | 23 | 26 | | 94 | 38 | 91 |
| Oryentasyon ukol sa: Katarungang Pambarangay | 39 | | 17 | | | 124 | | | | | | | 40 |
| *CNPGCEAP* | 39 | | 17 | | | 124 | | | | | | | 40 |
| Mga Batas na Nagbibigay-Proteksyon sa Kabataan at Kababaehan | 39 | | 17 | | | 124 | | | | | | | 40 |
| *Job Reference/EDPOSY/NBI Clearance* | | | | | | | | | | | | | |
| *Information and Education Campaign (IEC) Materials* | 39 | | 17 | | | 124 | | | | | | | 40 |
| *MASCD Lecture* | | | | | | | | | | | | | |
| | **2,846** | **2,984** | **1,131** | **1,836** | **1,413** | **3,018** | **2,291** | **1,087** | **862** | **1,048** | **2,221** | **1,664** | **2,178** |

## UNFPA ...

(Mula sa pahina 4)

*adolescent sexual reproductive health, HIV/STI , population and development*, at *gender support activities*.

Sa ilalim ng programang ito, palalakasin ang kapasidad ng mga *national* at *local health systems* upang maipaabot ang mga kaukulang serbisyo para sa mga kababaihan at mga bagong panganak na sanggol; mga kabataan at kalalakihan na nasa malalayong lugar at bihirang maabot ng mga kahalintulad na serbisyo, at tulungan na maging abot-kamay ang dekalidad na *reproductive health services* sa mga kababaihan, kabataan at kalalakehan man kabilang ang mga Muslim at *indigenous peoples (IPs)*.

Maliban dito, ang mga ahensya ng pamahalaan na kasama sa programa ay bibigyang-kakayahan para makakalap *(generate)*, makapag-analisa *(analyze)* at maipakalat *(disseminate)* ang mga kaukulang datos tulad ng populasyon, *SRH, HIV/AIDS, gender and youth* at magamit ang mga ito sa pagbuo ng mga lokal at pambansang polisiya pati na sa pagpaplanong pangkaunlaran.

Nakapaloob din sa programa ang pagpapalakas sa kapasidad ng mga *civil societies*; *faith-based organizations*; *youth, media* at *private sectors* para ikampanya ang pagpasa ng mga *population policies* para maitatag *(establish)* ang isang legal na basehan upang maipatupad ang mga *Reproductive Health Programmes*. Dadagdagan nito ang kapasidad ng mga *national government agencies (NGAs)* at *local government units (LGUs)* para makapagsagawa ng mga *gender-responsive programming* para maipatupad ang *Magna Carta* para sa mga kababaihan lalo na ang probisyon sa *reproductive right* at *gender-based violence*. Kasama rito ang pagsusulong sa kakayahan ng mga *CSOs/POs* para tumulong na maipatupad ang *Magna Carta* para sa kababaihan.

***MARILYN PACINOS-ASIS***

# Kaalaman at pamamaraan sa pagtatanim ng exotic fruits ibinahagi sa mga magsasaka

Ibinahagi sa mga magsasaka at mga may-ari ng lupa ang mga kaalaman at pamamaraan sa pagtatanim ng exotic fruits o mga pambihirang tanim o bungang kahoy na maaaring mabuhay dito sa lalawigan ng Camarines Norte, sa pamamagitan ng "Landowners and Farmers Forum and Demonstration on Exotic Fruits Production Technology" na isinagawa kahapon sa little theater ng kapitolyo probinsiya.

Pinangunahan ito ng Department of Agriculture Regional Field Unit 5 sa pamamagitan ng pamahalaang panlalawigan sa pamumuno ni Gobernador Edgardo A. Tallado.

Ayon sa pahayag ng mga tagapagsalita na pinangunahan ni Multi-Awarded Anchor Louie Tabing ng programa ng ABS-CBN teleradyo, matututunan ng mga magsasaka ang mga kaalaman at pamamaraan sa pagtatanim ganundin ang paghahayupan at sa pagpapaunlad ng negosyong pang-agrikultura.

Ayon pa rin kay Tabing, maraming pagkakataon at naranasan ng mga magsasaka na hindi lang sa ibang lugar kundi dito sa lalawigan ng Camarines Norte ang naging matagumpay ang negosyo sa pamamagitan ng agrikultura.

Dagdag pa niya na marami ang dapat na matutunan ng mga magsasaka sa pamamaraan ng paghahayupan, paggawa ng ibat-ibang produkto mula sa kanilang tanim at inaasahan din ang pamamaraan ng mga magsasaka na dapat malaman at kanila rin na dapat mapag-aralan.

Ayon naman sa pahayag ni Pomologist Proprietor Dr. Bernie Dizon ng Central Luzon State University at Department of Natural Resources-Protected Areas and Wildlife Bureau, ang mga prutas na mula pa sa ibang lugar ay maaari ng itanim dito sa Bicol kabilang na ang Davao pomelo, rambutan, lansones, mangosteen, durian, gayundin ang guyabano na malaki ang potential na kung saan ang itinatanim dito ay sweet guyabano na mas mataas ang presyo kumpara sa maasim.Ang mga tanim ay madali ang pagbunga nito na hindi aabot ng 10 taon kung saan ito ay dalawang taon lamang ay bubunga na.

Ayon pa rin kay Dizon, may ibang puno ng naitanim dito ngunit hindi lang ito napapangalagaan upang dumami dahil na rin sa mahina ang katawan nito kapag may bagyo, dahil dito ay bibigyan ng kaalaman at pamamaraan ang mga magsasaka upang tumibay ang kanilang mga pananim sa panahon ng tag-ulan o kalamidad.

Dagdag pa ni Dizon, ang mga magsasaka ay kailangan magkaroon ng makabagong teknolohiya sa pagtatanim, hindi lang buto kundi kailangan rin na magtanim ng mga bungang kahoy. Isinagawa din ang malayang talakayan kaugnay sa pagtatanim ng mga prutas at kung paano ang pagpapaunlad nito ganundin ang pagpaparami ng produksiyon. Samantala, nagbigay naman ng mensahe si Gobernador Tallado sa mga magsasaka sa pagtatanim at pangkabuhayan sa agrikultura kaugnay ng programa na isinagawa kahapon. Ang exotic fruits ay mga pambihirang bungang kahoy na puwedeng pagkunan ng prutas na maaaring mabuhay dito dahil ang karamihan nito ay mula pa sa bansa ng Thailand, China, South Korea, Indonesia, at Malaysia na kung saan maiiwasan ang pag-aangkat ng mga prutas mula sa ibang bansa. (ROV-PIA Camarines Norte)

## 2012 Summer Arts...

(Mula sa pahina 4)

*dance Workshop (FoW)*, 41 kalahok *c/o* Ronalyn R. Roldan at Jeffrey Q. Buensalida, *facilitators*; Mayo 7-11 - *Theater Arts (TA)*, 64 kalahok *(all ages) c/o* Ma. Lory Sta. Clara at Erjay Candelaria, *facilitators*, at Mayo 7–11 - *Guitar Workshop (GW)*, 88 kabataan *(all ages) c/o* Eric Soriano at Christian Mark E. Dañas, *facilitators*.

Sa naturang *showcase proper* noong Mayo 13, nagtanghal ang mga susumunod na kalahok: Guitar Workshop participants –tinugtog ang mga awiting Umagang kay Ganda; *California King Bed (Band Half Blood)-Group C; It Will Rain (Skip Boat)-Group B; Price Tag by* Jessie J. *(Real Acoustic Group)-Group No. 1; You and Me by Lifehouse* (*Stranger Group)-Group No. 4; Superbass (Acoustic Sensation)-Group No. 2 ; Jetlag 5 by Simple Plan and Natasha Bendingfield (Take 5); I'm Yours (Unknownymous Band)-Group No. 3; What Makes You Beautiful by One Direction (Acoustic Directioners); Group Performance (2nd set); Baby Blue Eyes (143)-Group A; What's Up (Rock and Roll Band)-Group No. 7;* Waka -Waka; *Move Like Jaggers*, at Kabataan para sa Musika; *Flute Workshop participants* – pagtugtog sa mga kantang *Give Thanks; If We Hold On Together;* Leron-Leron Sinta; Pamulinawin, at Do Re Mi; *Theater Arts Workshop Participants – Modeling;* Peles *Tomato;* Kalikasan; *Group Performance (2nd set); Dance Number*, at *Modeling (2nd set); Folk Dance Workshop participants* - pagsayaw ng Abaruray; Kiriwkiw; Esperanza, at Pista, at *Aerodance Workshop participants - Aerodance.*

Matapos ang mga pagtatanghal, ang mga sumali sa *workshops* ay pinagkalooban ng *certificates of participation* at *certificates of merit* sa mga kalahok na nagpakita ng katangi-tanging kahusayan gayundin ang mga *facilitators*. ***AIDA B. PANDEAGUA***

# Seminar on Public Service & Accountability


Nagsagawa ng 2 araw na seminar ukol sa Public Service and Accountability ang pamahalaang panlalawigan para sa mga kawani nito noong April 17-18, 2012 sa audio visual room sa kapitolyo.

Naging tagapagsalita dito si Ms. Ma. Jocelyn G. Bejerano ng Civil Service Commission RO5. Kanyang binigyan diin ang layunin ng seminar na " to gain public trust through ethical and accountable public service".

Sa unang araw ay tinalakay niya ang mga paksa ukol sa Ethics; Accountability; Corruption-Its Causes and Effects. Sa ikalawang araw ay nagkaraoon ng workshop: case studies at action plan on fighting corruption.

Sa memorandum na ipinalabas ni Gob Edgardo A. Tallado, kanyang inatasan ang bawat tanggapan ng pamahalaang panlalawigan na magpadala ng kinatawan sa seminar. Dito ay dumalo ang 30 kawani mula sa iba't-ibang tanggapan: Provincial Health Office, Provincial Budget Office, Provincial Accountant Office, Provincial Engineer Office, General Services Office, Provincial Assessor Office, Office of the Provincial Agriculturist; Provincial Legal Office; Provincial Human Resource Management Office; at mga sangay ng Governor's Office: Community Affairs Office; Library Services Division, Museum and Archives Division.

Pinamahalaan ang seminar ng Provincial Human Resource Management Office sa pamumuno ni Ms. Magdalena Toledana, HRM Officer.




Si Ms. Ma. Jocelyn G. Bejerano ng Civil Service Commission RO5 sa kanyang pagtalakay ng paksang Corruption– its causes and effects

# 2 kalsada atbp pang proyekto sa Sabang, Vinzons, pinasinayaan

Aspaltado na ang 2 kalsada sa barangay Sabang, Vinzons at mayroon ng public toilet ang bawat purok nito na kamakailan ay pinasinayaan ang mga proyektong ito.

Ang 2 kalsada na ang isa ay malapit sa barangay hall at ang isa naman ay malapit sa mataas na paaralan ay proyekto ni Gob. Edgardo A, Tallado na nagkakahalaga ng P1.2 milyon sa ilalim ng 20% Development Fund ng pamahalaang panlalawigan.

Samantala ang 5 public toilets ay proyekto naman ng Sangguniang Barangay sa pamumuno ni Punong Barangay Jose T. Segundo. Ayon sa kanya, 5 ang purok sa Sabang at ang bawat purok ay nilagyan nila ng public toilet. Ang bawat isa ay nagkakahalaga ng P21,000.

Pinangunahan ni Gob. Tallado, Vinzons Vice Mayor Augorio M. Guinto at PB Segundo ang pagpapasinaya. Samantala si Fr. Norberto Ochoa ang nagsagawa ng pagbabasbas. Ang mga kagawad ng Barangay Sabang Vinzons ay sina Dario C. Sayno, Christopher V. Asis, Pablo Phoebe C. Aguilar, Jeffrey J.Segundo; Mariano B. Pajarin, Jose Q. Ocol, Louie T. Aceron, at SK Chairman Alvin Abogado.





***Makikita sa larawan si Rev. Fr. Norberto Ochoa sa isinagawang pagbabasbas ng kalsada gayundin ang pasinaya ng isa pang kalsada at public toilets na pinangunahan ni Gob. Egay Tallado, VM Augurio Guinto at PB Jose Segundo ng Sabang, Vinzons***





Tagumpay ng Katuwiran,
Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran
Bantayog
Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte

TAON 3, BLG. 1 DAET, CAMARINES NORTE MAYO, 2012
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam.. Norte"
Website: Http//www.camarinesnorte.gov.ph Email: cao_cnorte@yahoo.com

# Hiling na kuryente sa Cabungahan-Cabatuhan, tinugon ni Gob. Egay




Damang-dama ang kasiyahan ng mga taga barangay Kabatuhan Labo ng isinagawa nitong Abril sa kanilang barangay ang inagurasyon ng proyektong pailaw ni Gob. Edgardo A. Tallado.

Ang proyektong pailaw sa Sitio Cabungahan, Cabatuhan Labo ay nagkakahalaga ng P1,736,741.04 mula sa pamahalaang panlalawigan sa ilalim ng 20% Development Fund-Provincial Electrification Program-Secondary Under Built Line Installation.

Ayon sa Punong Barangay, napakatagal ng inaasam-asam ng mga mamayan sa Cabungahan ang magkaroon ng kuryente.

Sa programang isinigawa kaugnay ng pasinaya, sinabi ni Gob. Tallado na ng siya ay kumandidato bilang gobernador, hindi siya nangako ng kung an-anong proyekto pero sa pagsisimula pa lamang ng kanyang termino ay ipinakita niya ang kanyang dedikasyon na tugunan ang napakaraming pangangailangan ng buong probinsiya. Idinagdag pa niya, na tatapusin niya ang pagpapailaw sa lahat ng mga barangay at sitio na wala pang daloy ng kuryente.

Katuwang ni Gob. Tallado si Mayor Dindo Pardo ng Labo at Punong Barangay Dante L. Balog ng Cabatuhan sa paggupit ng laso bilang simbolo ng inagurasyon. Naroon din si Director Henry Zano, Pangulo ng CANORECO Board at kasama niya ang 2 pang direktor na sina Dir. Jet Fernandez at Dir. Arnilo Barrameda

Ang Cabatuhan ay isa sa 52 barangays ng Labo na mayroong 1,576 mamayan base sa huling tala ng 2008. Ito ay pinamumunuan sa kasalukuyan ni PBDante L. Balog at mga kagawad na sina Felipe A. Malaluan, Teodulo T. Inciso, Narciso P. Pesonila,Elvira G. Marvida,Minerva J. Llaneta,Job D. Arrogante, Emilia B. Lomitao, SK Chairman,Janice B. Arrogante. *L. QUERUBIN*